# Sanhi at Bunga ukol sa Wikang Filipino

Gawaing Pampagkatuto sa LS 1 Filipino
Alternative Learning System
Junior High School





**JENNY CLAIRE P. OFO-OB**
Tagapaglinang

Department of Education • Cordillera Administrative Region
Schools Division of Mountain Province• Bontoc District
Central Bontoc Community Learning Center

Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION
Cordillera Administrative Region
SCHOOLS DIVISION OF MOUTAIN PROVINCE
Bontoc, Mountain Province

Inilathala ng:
Learning Resource Management and Development System

## KARAPATANG - ARI

2021

Isinasaad sa Seksiyon 175 ng Batas Republika Blg. 8293:

"Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang material na ito ay binuo para sa implementasyon ng K-12 Kurikulum sa pamamagitan ng Curriculum Implementation Division (CID)-Learning Resource Management and Development System (LRMDS). Maaaring paramihin ang kopya nito para sa layong pang-edukasyon at pinahihintulutang iwasto, dagdagan, opagbutihin ang mga bahagi sa kondisyong kilalanin ang orihinal na kopya maging ang karapatang-ari. Walang bahagi ng kagamitang ito ang maaaring gamiting pagkakakitaan.

Pangalan: ______________________________________________ Petsa: _______________

Community Learning Center: _____________________________

Level: ☐ Elementary ☐ JHS Iskor: ________________

## I. Mga Kasanayang Pampagkatuto:

- Nasasabi/naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari *LS1CS/FIL-PB-PPD-MT/JHS-51*

## II. Maikling Pagtalakay

### ANG SANHI AT BUNGA UKOL SA WIKANG FILIPINO...

- **Sanhi**- isang ideya o pangyayari na maaaring humantong sa isang bunga.
  *Hal: May anyong kapuluan ang Pilipinas*
- **Bunga**- kinahantungan o resulta ng isang ideya o pangyayari
  *Hal: Nagkaroon ng napakaraming wika at wikain sa bansa.*

### Mga Pahayag na Ginagamit sa Pagtukoy ng Sanhi at Bunga

May mga palatandaang salita o pahayag na karaniwang ginagamit sa papapahayag ng pagkakaroon ng sanhi.

*Hal.* nito ang mga sumusunod: ***dahil***, ***dahil sa, dahil dito, buhat nang, sapagkat, at pagkat.***

Ang mga halimbawa naman ng mga salita o pahayag na nagsasaad ng bunga ay ***kaya, kaya naman,bunga nito, tuloy at marami pang iba.***

Ang mga salita o pahayag na ito ay tinatawag ding mga ***Pangugnay***.

**Kaya** lalong naging hati ang Pilipinas, dahil sa pananakop ng ibang bansa.

**Sanhi**: dahil sa pananakop ng ibang bansa

**Bunga**: kaya lalong naging hati ang Pilipinas.

**Dahil** mayroong wikang pambansa, naging bunga nito ang ating pagkakaunawaan.

**Sanhi**: Dahil mayroong wikang pambansa

**Bunga**: naging bunga nito ang ating pagkakaunawaan.

### Kasaysayan ng Wikang Pambansa

Ang anyong kapuluan ng Pilipinas ang sinasabing sanhi kung bakit napakaraming wika at wikain sa bansa. Bagama't may pagkakaiba ang mga wika, malaki ang pagkakahawig nito sa isa't isa bunga ng pagkakabilang sa iisang pamilya ng wika, ang *wikang Austronesian.* Matatagpuan mula sa Formosa sa hilaga hanggang sa *New Zealand* sa timog, mula *Eastern Island* sa silangan hanggang sa *Madagascar* sa kanluran, ang *wikang Austronesian.* Ang Tagalog na siyang batayan ng wikang pambansa, ayon sa pag-aaral na ginawa noong 1934 ni Otto Dempwolff, ay kabilang sa *Indonesian subgroup ng Austronesian.*

Maraming patunay na nabibilang sa Austronesian ang mga wika sa Pilipinas. Ilan dito ang paggamit ng panghalip na panao tulad ng tayo, kami mga malapanghalip o *pronominal system* tulad ng ito, nito at dito; sistemang berbal na may pokus at aspekto (hal. Kumain, kumakain, kakain, kakakainin); sintaks o palaugnayan (ng pangungusap), kabilang paggamit ng pantukoy na ang at si, pang-angkop na na at ng (tunay na Pilipino); (matalinong pinuno) sistemang numerikal na batay sa sistemang desimal at mga leksikal o pantalasalitaan.

Ang pagkakaroon ng maraming wika ang sinasabing ugat ng rehiyonalismo o pagkakapangkat-pangkat ng mga Pilipino, dagdag pa ang kalagayang kapuluan ng bansa na itinuturing na pisikal na sagabal sa pagkakaroon ng isang wikang bubuklod sa sambayanang Pilipino sa kabila ng pagkakaiba-iba ng mga ito.

Nang sakupin ng mga Espanyol ang bansa, lalong nahati ang mga Pilipino. Ang pananakop sa pamamagitan ng pagbubukod-bukod ang ginamit ng mga Espanyol upang magkalayo-layo ang mga Pilipino. Walang isang wikang pinairal noon sapagkat sa halip ituro ang wikang Espanyol, ang mga paring dayuhan ang nag-aral ng mga katutubong wika.

Sa huling dantaon ng pananakop ng mga Espanyol, nagkaroon na ng pagtatangkang itaguyod ang Tagalog bilang wikang pambansa. Ang wikang ayon sa paring Heswita na si Padre Pedro Chirino ay tinataglay ang talinghaga ng wikang Hebreo, ang katangi-tanging katawagan ng Griyego, ang kaganapan at kinis ng Latin; at ang pagkamagalang at pagiging romantiko ng mga Espanyol.

Ang Kilusang Propaganda ay nagsimula ng paggamit ng Tagalog sa mga pahayagang isinulat nila. Sinundan ito ng Katipunan na Tagalog din ang ginamit sa pagbuo nila ng mga kautusan, gayundin sa pahayagan na nailathala nila. Pormal na nagkaroon ng pagbanggit sa wikang pambansa sa Saligang-batas ng Biak-na-Bato noong 1897. Dito pinagtibay na Tagalog ang opisyal na wika ng pamahalaan. Hindi ito nagkaroon ng kaganapan sapagkat bukod sa mga ilustrado ang mga namayani noon sa Kapulungang Pansaligang-batas (*Constitutional Assembly*), na ayaw sa wikang Tagalog, hindi nagtagal *(Constitutional Assembly)* ang itinuturing na Unang Republika ng Pilipinas. Sinakop ang bansa ng bagomg manlulupig, ang mga Amerikano.

Sa panahon ng mga Amerikano sapilitang ipinagamit ang Ingles bilang wikang panturo at ipinagbawal ang paggamit ng bernakular. Ngunit batay sa pag-aaral na ginawa ng Monroe Educational Survey Commission, napatunayan na makaraan ng 25 taon na pagtuturo ng Ingles hindi ito nakatulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral na Pilipino. Sa kabilang dako, patuloy ang pagsusumikap ng ilang makabayang lider na Pilipino na magkaroon ng wikang pambansa. Naging maliwanag ang landas sa hangaring ito nang magkaroon ng Kapulungang Pansaligang-batas noong 1934.

Hulyo 10, 1934 binuo ang Kapulungang Pansaligang –batas bilang paghahanda sa itatatag na Malasariling Pamahlaan (Commonwealth). Ang kapulungang ito ang umukit sa Saligang Batas ng 1935. Sa Artikulo 14, Seksyon 3 ng Saligang Batas na ito, inatasan ang Pambansang Asamblea na magsagawa ng kaukulang hakbang sa paglinang ng isang wikang Pambansa na ibabatay sa isa sa umiiral na wika sa Pilipinas. Ang pangulo ng Komonwelt noon na si Manuel L. Quezon, ang naging masugid na tagapagtaguyod na magkaroon ng isng wikang pambansa.

Noong Nobyembre 13, 1936, pinagtibay ng Pambansang Asemblea ang Batas ng Komonwelt Blg. 184 na nagtatatag sa Surian ng Wikang Pambansa (SWP). Ang tanggapang ito ang magsasagawa ng pag-aaral hinggil sa pagpili ng wikang pambansa. Ginamit na batayan sa pagpili ang wikang maunlad sa kayarian, mekanismo, literatura at ginagamit ng nakararaming Pilipino.

Hinirang ni Pangulong Manuel Luis Quezon ang unang mga kagawad ng tanggapang ito. Matapos maisagawa ng SWP ang iniaatas ng batas, ipinahayag ni Pangulong Manuel L. Quezon noong Disyembre 30, 1937 ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 134 na nagtatakda sa Tagalog bilang batayan ng Wikang Pambansa.

*(Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Ruzol, H.S. et al. 2014.Grandwater Publishing)*

## III. Pamaraan

### Gawain 1

**Panuto: B.** Hanapin sa Hanay B ang katambal na bunga ng sanhi sa Hanay A. Isulat ang titik lamang.

| *A. SANHI* | *B. BUNGA* |
| --- | --- |
| _____1. Dahil kailangang may batayang wika | a. kaya nagkaroon ng Rehiyonalismo |
| _____2. Upang mapabilis ang pag-unlad ng bansa | b. kaya nagkaroon ng maraming wika ang bansa |
| _____3. Dahil sa pagkakaroon ng maraming wika | c. kailangang mayroong isang wikang pambansa |
| _____4. Dahil sa maraming pinagdaanang pananakop ang bansa | d. nagkaroon ng pananaliksik ukol sa wika |
| _____5. Dahil sa pagnanais ni Pangulong Quezon na magkaroon ng iisang wika | e. napili ang Tagalog na batayang wika |

### Gawain 2

**Panuto:** Gumawa ng isang *photo essay* tungkol sap ag-unlad ng iyong sariling lugar, maaaring kumuha ng larawan sa mga newspaper, magazine, at sa iba't ibang social media. Isaalang-alang ang pamantayan sa pagbuo ng photo essay.

***PAGSAGAWA NG PHOTO ESSAY***

**A. Para sa mga gumagamit ng Online Modality**

1. Kumuha ng mga 5-6 na larawan na nagpapakita ng mga bunga ng pag-unlad sa inyong komunidad (bagong mga gusali, kalsada, etc.)
2. Gawing masining ang pagkakaayos o lay out ng mga larawan at lagyan ng maikling deskripsyon ang bawat larawan.
3. Lagyan ng pamagat ang photo essay.
4. Isaalang-alang ang rubrik sa paggawa.
5. Ipasa o ilagay ang iyong awtput sa google classroom.

**B. Para sa mga gumagamit ng Modular at iba pang Modality**

1. Maaaring kumuha o gumuhit ng lima o anim na larawan na nagpapakita ng mga bunga ng pag-unlad ng inyong komunidad (bagong mga gusali, kalsada, etc.)
2. Idikit at isaayos (lay out) ang mga larawan sa masining na paraan sa isang A4 bond paper. Lagyan ng maikling deskripsyon ang bawat larawan.
3. Lagyan ng pamagat ang photo essay.
4. Isaalang-alang ang rubric sa paggawa.
5. Ipasa ang awtput ayon sa napagkasunduang iskedyul.

### *Rubrik sa Pagpupuntos sa Gawain 2:*

| PAMANTAYAN | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | NAPAKAHUSAY 5 | MAHUSAY 4 | KATAMTAMAN 3 | KAILANGAN NG PAGSASANAY 2 |
| **Nilalaman** | Lahat ng larawang kinuha ay malinaw ang pinapahatid na mensahe | 80% ng kinuhang larawan ay malinaw ang pinapahatid na mensahe | 60% ng kinuhang larawan ay malinaw ang pinapahatid na mensahe | Halos lahat ng mga larawan ay hindi malinaw ang pinapahatid na mensahe |
| **Kalinawan** | Kahangahanga ang mga larawan na ginamit upang mas madaling maunawaang ang mensahe. Walang mali sa pagkakalahad ng ideya/ gramati ka sa deskripsyon | Mahusay ang mga larawan na ginamit, sapat lamang upang madaling maunawaan ang mensahe. May 1-3 mali sa pagkakalahad ng ideya/ gramatika sa deskripsyon | Katamtaman ang sapat ng larawan na ginamit upang madaling maunawaan ang mensahe. May 4-5 mali sa pakakalahad ng ideya sa deskripsyon | Hindi malinaw ang larawang ginamit kaya't Nahirapang maunawaan ang mensahe. May 6 o higit pang mali sa pagkakalahad ng ideya/ gramatika |
| **Kasiningan** | Kitang-kita ang kalinisan at kaayusan ng photo essay na ginawa | Kita ang kalinisan at kaayusan ng photo essay na ginawa | Bahagyang nakita ang kalinisan at Kaayusan ng photo essay na ginawa | Hindi Nakita ang kalinisan at kaayusan ng timeline na ginawa |

### Gawain 3

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat bilang. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang sanhi ay tumutukoy sa mga ideya o pangyayaring maaaring humantong sa isang?
   a. sanhi b. bunga c. dahilan d. pahayag

2. Ang bunga ay naging resulta ng isang ideya o kaisipan. Ang pahayag ay _________.
   a. tama b. mali c. di matukoy d. minsan tama

3. Ang mga sanhi ay tinatawag ding __________.
   a. dahil b. mga bunga c. mga dahilan d. mga resulta

4. Ang wikang Pambansa ng Pilipinas sa kasalukuyan ay _________.
   a. Tagalog b. Cebuano c. Filipino d. Pilipino

5. Ang pang-ugnay na buhat nang ay nagpapahayag ng ______.
   a. bunga b. dahilan c.resulta d. ugnayan

6. Alin sa mga sumusunod na pang-ugnay ang nagpapahayag ng bunga?
   a. pagkat b. sapagkat c. kaya naman d. dahil dito

7. Ang tawag sa mga palatandaang salita na karaniwang ginagamit sa pagpapahayag ng sanhi at bunga ay _________.
   a. Pandiwa b. Pantukoy c. Pang-ugnay d. Pangngalan

8. Sa mga sumusunod na pang-ugnay, alin dito ang nagpapahayag ng sanhi?
   a. kaya b. tuloy c. sapagkat d. bunga rito

9. Alin sa mga sumusunod ang hindi dahilan kung bakit kailangan magkaroon ng isang wikang pambansa ang bansa?
   a. upang maging daan sa pagkakaunawaan
   b. upang mapaunlad ang kalagayang pambansa

c. upang maging bihasa tayo sa wikang dayuhan
d. upang magakaroon ng sariling pagkakakilanlan

10. Ang Pilipinas ay sinakop ng mga dayuhan, ano ang maaaring nagging bunga nito?
a. hindi umunlad ang Pilipinas
b. naging malaya ang mga Pilipino
c. nagkararoon ng napakaraming wika ang bansa
d. nagkaroon ng isang wikang pambansa ang Pilipinas

## IV. Pangwakas

Ang Pilipinas ay sinakop ng iba't ibang dayuhan noong unang panahon, na siyang nagbunsod sa pagbuo ng Wikang Pambansa na ginagamit natin sa ating pakikipagtalastasan sa pang-araw-araw na buhay at ang sanhi sa kalagayan ng ating wika ngayon.

Maraming mga pangyayari ang nagbunsod sa kaunlaran ng ating wika. Mahalaga ay ating nalaman ang mga pangyayaring ito at ang mga naging bunga nito na nararanasan natin hanggang ngayon.

## V. Sanggunian

Department of Education – SOCCSKSARGEN Region Filipino – Baitang 11 Self-Learning Module (SLM) Unang Markahan – Modyul 13: Mga Sanhi at Bunga ng Mga Pangyayaring May Kaugnayan sa Pag-unlad ng Wikang Pamban sa Unang Edisyon, 2020

## VI. Susi sa Pagwawasto

Gawain 1
1. e
2. c
3. a
4. b
5. b

Gawain 2
Ang sagot ng mag-aaral ay naaayon sa kaniyang sariling pag-unawa at pananaw.

Gawain 3
1. b
2. a
3. c
4. c
5. b
6. c
7. c
8. c
9. c
10. c